# ERIC ABALAJON

Si Eric Abalajon ay lecturer sa Division of Humanities, UP Visayas, Iloilo. Ang ilan sa kaniyang mga tula at maikling kuwento ay lumabas sa *Loch Raven Review, Ani, Katitikan, Cha: An Asian Literary Journal, The Tiger Moth Review, Marias at Sampaguitas,* at *Dx Machina.* Siya ay may dalawang zine gamit ang sagisag-panulat na Jacob Laneria, *Mga Migranteng Sandali (2020)* at *The Landscape Does Not Sit Willingly (2022).* Nakatira siya malapit sa siyudad ng Iloilo.

# DAAN NGA LITRATO

May nag-upload sang litrato
tatlo na ka dekada ang kadaan;
ginaseparar sang tubig
ang mga atop sa mga pátag
ginaklaro kung diin
tuod-tuod ga-umpisa
ang banwa sang Iloilo.

Daw lambat ang mga punungan
sa kilid sa subá,
malingling pa halin sa dalan
antis ini ginpalapad
kag ginhimo nga paskil sang turismo.

Ang pagtulok halin sa langit
amo ang litmus nga sanghid
sa balatyagon sang mga tawo sa espasyo.

# LUMANG LITRATO

May nag-upload ng litrato
tatlong dekada na ang tanda;
tubig ang naghihiwalay
sa mga bubong at mga patag,
nililinaw kung saan
ang totoong simula
ng siyudad ng Iloilo.

Parang lambat ang mga punungan
sa gilid ng ilog,
masisilip mula sa kalsada
bago ito pinalobo
at ginawang paskil ng turismo.

Ang tanawin mula sa langit
bilang litmus na pagsubok
sa damdamin ng mga tao sa espasyo.